

MATATAG K to 10	Paaralan:		Baitang:	I
	Pangalan ng Guro:		Asignatura:	GMRC
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:	MARCH 10-14, 2025 (WEEK 5)	Markahan at Linggo:	Ika-apat na Markahan

Kurikulum Lingguhang Aralin	UNANG ARAW	IKALAWANG ARAW	IKATLONG ARAW	IKAAPAT NA ARAW
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
A. Pamantayang Pangnilallaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pangangalaga sa kapaligiran tungo sa malinis na pamayanan.			
B. Pamantayang Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran upang mapanatili ang kalinisan ng pamayanan ayon sa kakayahan upang malinang ang pagiging mapagmalasakit.			
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Naipakikita ang pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng panghihikayat sa kapuwa na makiisa sa mga simpleng gawain ng pangangalaga ng kapaligiran a. Naiisa-isa ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran tungo sa malinis na pamayanan b. Naiuugnay na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis, malusog, at masayang mamamayan c. Nailalapat ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran upang mapanatili ang kalinisan ng pamayanan ayon sa sariling kakayahan (hal. pagtatapon ng basura sa tamang tapunan, pagbabalik ng mga kagamitan sa tamang lagayan, at iba pa)			
D. Mga Layunin	Nakakikilala ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran	Naiisa-isa ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran	Nakapagsasanay ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran ayon sa sariling kakayahan (hal. pagtatapon ng basura sa tamang tapunan, pagbabalik ng mga kagamitan sa tamang lagayan, at iba pa)	Naipakikita ang pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisa sa mga simpleng gawain ng pangangalaga ng kapaligiran
	Natutukoy na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan	Natutuklasan na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan	Nailalarawan na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan	Naipahahayag na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan
E. Lilinanging Pagpapahalaga	**Mapagmalasakit (Compassion)**			
II. NILALAMAN/	**Pangangalaga sa Kapaligiran Tungo sa Malinis na Pamayanan**			


PAKSA				
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
A. Mga Sanggunian	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide
B. Iba pang Kagamitan	• Meta cards/strips • Awit-Bahay Kubo • Larawan ng pamilyang nagdarasal	• Meta cards/strips • Awit	• Meta cards/strips • Awit	• Meta cards/strips • Awit
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
Bago Ituro ang Aralin				






1. Panimulang Gawain	**1. Pagbati:** • Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Tayo ay umawit Bahay Kubo Bahay kubo, kahit munti Ang halaman doon ay sari- sari. Singkamas at talong, sigarilyas at mani Sitaw, bataw, patani. Kundol, patola, upo't kalabasa At saka mayroon pang labanos, mustasa, sibuyas, kamatis, bawang at luya sa paligid-ligid ay puro linga **2. Pagganyak** Magpakita ng larawan.	**1. Pagbati:** • Sabihin: Masayang araw sa inyong lahat! . Tayo ay umawit Kung Ang Ulan Kung ang ulan ay puro tsokolate O kay tamis ng ulan Ako'y lalabas na bukas ang bibig A-a-a-a-a-a-a-a-a- a O kay sarap ng ulan. **2. Balik-aral:** Sabihin sa mga mag-aaral: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Magbigay ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag- aaral na tutugon.) Mahusay kayo! Pumalakpak ng sampung halimbawa ay nasa ibeses.	**1. Pagbati:** • Sabihin: Masayang araw sa inyong lahat! Tayo ay umawit Magtanim ay di biro Maghapong nakayuko Di man lang makaupo Di man lang makatayo Braso ko'y namamanhid Baywang ko'y nangangawit. Binti ko'y namimitig Sa pagkababad sa tubig. Sa umaga, paggising Ang lahat, iisipin Kung saan may patanim May masarap na pagkain. Halina, halina, mga kaliyag, Tayo'y magsipag-unat-unat. Magpanibago tayo ng lakas Para sa araw ng bukas **2. Balik-aral:** Sabihin sa mga mag-aaral: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Itanong ang sumusunod: • Ano ang isang halimbawa ng	**1. Pagbati:** • Sabihin: Masayang araw sa inyong lahat! Tayo ay umawit Maliliit na gagamba Umakyat sa sanga Dumating ang ulan At itinaboy sila Sumikat ang araw Natuyo ang sanga Maliliit na gagamba Ay palaging masaya **2. Balik-aral:** Sabihin sa mga mag-aaral: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Itanong ang sumusunod: Ano ang sariling paraan na nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran? (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag- aaral na tutugon.) Mahusay kayo!


	 Magpakita ng mga larawan. Itanong sa mga mag-aaral: 1. Ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan? 2. Paano nakatutulong sa kapaligiran ang ginagawa ng mga bata? Tumawag ng mga mag-aaral na tutugon. Sabihing, mahusay!	Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu! **3. Pagganyak** Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag usap sa katabi. • Makinig nang mahusay sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo?  Sabhin, suriin ang larawan. Itanong sa mga bata, sa inyong palagay ano ang ginagawa ng pamyanan upang manatiling malinis ang ilog? (Tumawag ng mga mag-aaral	mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran? (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag- aaral na tutugon.) Mahusay kayo! **3. Pagganyak:** Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag usap sa katabi. • Makinig nang mahusay sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo? Sabihin mga bata lahat ba kayo ay nakapagtatapon ng basura? Mahusay! Ating ipakita mga bata! Ating, tignan kung ano-ano pang gawain ang kaya ninyong gawin. Sabihing, mahusay kayo!	**3. Pagganyak:** Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag usap sa katabi. • Makinig nang mahusay sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo? Ipakita ang larawan.  Itanong sa mga bata, ano ang ginagawa ng mga tao sa pamayanan? (Tumawag ng mga mag-aaral para tumugon.) Itanong, kaya ba ninyong makiisa sa gawaing pam-pamayanan? Sabihing, mahusay kayo!

		para tumugon upang malinang ang pagiging madasalin) Sabihing, mahusay kayo!		

2.Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Ipaskil sa pisara/board ang meta card/strip na may nakasulat na- Mapagmalasakit Sabihin sa mga mag-aaral: Sa araw na ito, inaasahang makakikilala tayo ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran Inaasahan din na matutukoy na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan	Ipaskil sa pisara/board ang meta card/strip na may nakasulat na- Mapagmalasakit Sabihin sa mga mag- aaral: Sa araw na ito, inaasahang maiisa-isa ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran Inaasahang din na matutuklasan na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan.	Ipaskil sa pisara/board ang meta card/strip na may nakasulat na- Mapagmalasakit Sabihin sa mga mag- aaral: Sa araw na ito, Inaasahang makapagsasanay ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran ayon sa sariling kakayahan Inaasahang din na mailalarawan na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan	Ipaskil sa pisara/board ang meta card/strip na may nakasulat na- Mapagmalasakit Sabihin sa mga mag- aaral: Sa araw na ito, inaasahang maipakikita ang pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisa sa mga simpleng gawain ng pangangalaga ng kapaligiran. Inaasahang din na maipahahayag na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan



3.Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin	Sabihin sa mga mag-aaral: Makinig nang mabuti sa ating gagawin. Narito ang panuto- 1. Ipapakita ang mga larawan sa inyong lahat. 2. Itaas ang kamay kung ginagawa mo ang ipinakikita sa larawan. 3. Hintaying tawagin at ibahagi ang sagot sa klase.	Sabihin sa mga mag-aaral: Muli nating tingnan ang mga larawan na nagpapakita ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran Makinig sa ating gagawin. Narito ang panuto- 1. Ipapakita ko ang mga larawan sa inyong lahat. 2. Itaas ang kamay kung maiisa-isa mo ang paraan ng pangangalaga sa kapaligiran.	Sabihin sa mga mag-aaral: Makinig nang mabuti sa ating gagawin. Narito ang panuto: 1. Ipapakita ko isa-isa ang larawan sa inyong lahat. 	Sabihin sa mga mag-aaral: Ako ay may kuwento para sa inyo. Ang pamagat ay SI Rowena at ang malinis na Pamayanan. Handa na ba kayong makinig? Si Rowena ay isang batang masayahin at mapagmalasakit sa kanilang pamayanan. Tuwing Sabado ng umaga, lumalabas siya ng bahay upang tumulong sa paglilinis ng kanilang paligid. Isang araw, habang naglalakad siya papunta sa tindahan, napansin niya ang mga plastik na basura sa tabi ng kalsada.

	Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng sagot.   	1.  2.  3.  4. 	  2. Itaas ang kamay kung nais sumagot. Tumukoy ng bata. Itanong, ano ang isang gawain na kaya mong gawin para mapangalagaan ang kapaligiran base sa larawan. (Ilog, halaman, basurahan) 3. Hikayating ipakita ng bata gamit ang kanyang buong katawan. 4. Hikayating gayahin ng buong klase ang ginawa ng kanilang	Lumapit siya sa kanyang mga kaibigan at sinabing, “Tara, tulungan natin ang ating barangay. Pwede tayong maglinis para maging maganda at malinis ang ating pamayanan!” Nagdala sila ng mga supot at sinimulang pulutin ang mga kalat sa paligid. Kasama ang kanyang mga kaibigan, masayang pinulot ni Rowena ang mga bote, plastik, at papel na nakakalat sa kalsada. Naisip niya na, kahit bata pa siya, marami siyang magagawa para sa kalikasan. Matapos ang kanilang paglilinis, lumapit ang kanilang barangay kapitan at pinasalamatan sila. "Salamat, Rowena, sa iyong malasakit sa ating lugar," sabi ng kapitan. "Dahil sa iyo, napalinis natin ang ating pamayanan." Masayang ngumiti si Rowena. Alam niyang kahit simpleng gawain lang ang kanilang ginawa, nakatulong siya sa pagpapaganda ng kanilang komunidad at pagpapakita ng pagmamalasakit sa



			kaklase. Malinaw ba ang ating panuto? Ating subukan.	kapaligiran. Itanong ang mga sumusunod: 1. Sino ang batang may malasakit sa kapaligiran?
		5.  Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng sagot.	Magbigay ng halimbawa ang guro. Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanilang sagot Sabhin mahusay mga bata! Kayang-kaya ninyo!	2. Ano ang ginawa niya kasama ang mga kaibigan sa kapligiran? 3. Sino ang nagpasalamat sa kanya? 4. Ano ang natutunanan mo kay Rowena? 5. Ano ang kaya mong gawin base sa kuwento?
Habang Itinuturo ang Aralin				

4.Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya	Sabihin sa mga mag-aaral: Narito ang mga metastrips. Babasahin ko muna ang mga nakasulat na mga pangungusap at pagkatapos ay basahin ang mga ito ng sabay-sabay. Handa na ba kayo? Mga Paraan ng Pangangalaga sa Kappaligiran ● Ang pagtapon sa basura sa tamang lugar ● Ang pagdilig sa halaman ● Ang pagiwas na masayang sa paggamit ng tubig ● Ang pagaalaga ng hayop sa tamang paraan ● Ang pagtatanim ng mga halaman at puno	Sabihin sa mga mag-aaral: Ipapakita ko sa inyo ang mga meta cards. Babasahin ko muna ang mga pangungusap at pagkatapos ay basahin ang mga ito ng sabay-sabay. Handa na ba kayo? • Ang pagtapon sa basura sa tamang lugar ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagdilig sa halaman ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagiwas sa pagsayang sa paggamit ng tubig ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagaalaga ng hayop sa tamang paraan ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagtatanim ay ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. Sabhin, nagagawa ba ninyo ang ating mga binasa?	Sabihin sa mga mag-aaral: Ipapakita ko sa inyo ang mga meta cards. Babasahin ko muna ang mga pangungusap at pagkatapos ay basahin ang mga ito ng sabay-sabay. Handa na ba kayo? • Ang pagtapon sa basura sa tamang lugar ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagdilig sa halaman ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagiwas sa pagsayang sa paggamit ng tubig ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagaalaga ng hayop sa tamang paraan ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagtatanim ay ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. Sabhin, nagagawa ba ninyo ang ating mga binasa?	Sabihin sa mga mag-aaral: Ipapakita ko sa inyo ang mga meta cards. Babasahin ko muna ang mga pangungusap at pagkatapos ay basahin ang mga ito ng sabay-sabay. Handa na ba kayo? • Ang pagtapon sa basura sa tamang lugar ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagdilig sa halaman ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagiwas sa pagsayang sa paggamit ng tubig ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagaalaga ng hayop sa tamang paraan ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. • Ang pagtatanim ay ay paraaan ng pangangalaga sa kapiligiran. Sabhin, nagagawa ba ninyo ang ating mga binasa?

	Itanong, nagagawa ba mga paraan ng pangangalaga ng kapaligiran? Mahusay kayo!	Mahusay kayo!	Mahusay kayo!	Mahusay kayo!


5. Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Sabihin sa mga mag-aaral: Tayo ay may gagawin. Narito ang panuto- . 1. Ipapakita ko ng isa- isa ang mga larawan, kung ito ay paraan ng pangangalaga sa kapiligiran, itaas ang iyong kamay. Hintaying tawagin ng guro at pumunta sa harap ng klase.  	Ipaskil ang bubble map graphic organizer.  Makinig nang mabuti sa panuto: Tignan ang bubble map graphic organizer na nasa pisara. Sabihin sa mga mag-aaral: 1. Isa-isahin ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran. 2. Itaas ang kamay kung nais sumagot. Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng sagot.	Sabihin mga mag-aaral: Tayo ay may gagawin. Makinig nang mabuti sa panuto. 1. Humanap ng kapareha na kaklase. 2. Ipakita ang mga sariling paraan ng pangangalaga sa kapaligiran. 3. Bakit mahalaga na dapat isagawa ang sariling paraan ng pangangalaga sa kapaligiran? Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng mga sagot sa klase.	Sabihin mga mag-aaral: Tayo ay may gagawin. Makinig nang mabuti sa panuto. 1. Babasahin ang mga sitwasyon. 2. Kung nais mong sumagot, itaas ang kamay. 3. Kung ikaw ay tinawag ay pumunta sa harap ng klase upang magbahagi ng sagot. Hal: Nakita mo na umaapaw ang tubig sa balde, sa inyong bakuran. Paano mo maipapakita ang pagiging mapagmalasakit sa kapaligiran? Mga sitwasyon: 1. Nakita mo na natutuyo ang mga halaman sa harap ng tahanan ninyo. Paano mo maipapakita ang pagiging mapagmalasakit sa kapaligiran? 2. Nakita mo na maraming kalat tulad ng mga papel, mga boteng plastik na walang laman at mga balat ng kendi sa

				inyong silid-aralan? Paano mo



	  2. Ipaliwanag ang ginagawa ng mga bata sa mga larawan. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itanong sa mga mag-aaral: • Ano ang mabuting naidudulot ng pag-aalaga sa kapaligiran? Tumawag ng mga mag-aaral, at makinig sa kanilang ibabahagi. Sabihin sa mga			maipapakita ang pagiging mapagmalasakit sa kapaligiran? 3. Nakita mo na sinusulatan ng mga bata ang dingding ng iyong parke? Paano mo maipapakita ang pagiging mapagmalasakit sa kapaligiran? Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng mga sagot sa klase. Mahusay!

	mag-aaral: Ang pag-aalaga sa kapaligiran ay patungo sa malinis na pamayanan.			

	Palakpakan ninyo ang inyong mga kamag-aral at ang inyong sarili!			


6. Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang	Sabihin sa mga mag-aaral: Mahalaga na matukoy ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran tungo sa malinis pamayanan. 1. Ipapakita ang mga larawan.   2. Ipaliwanag ang ginagawa ng mga bata sa mga larawan, patungkol sa pangangalaga ng kapaligiran	Sabihin sa mga mag-aaral: Mahalagang maunawaan na ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan Gawain, makining nang mabuti sa panuto. 1. Ipakita ang mga larawan. A.  B.  C.	Sabihin sa mga mag-aaral: Tayo ay may gagawin Makinig nang mabuti sa panuto. 1. Bumalik sa inyong kapareha 2. Ibahagi sa iyong kapareha kung ano-anong mga gawain ang naisasagawa para pangangalaga ng kapaligiran? Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng sagot ng pangkat.	Sabihin sa mga mag-aaral: Mahalagang maipahayag ang pangangalaga sa kapaligiran tungo sa malinis pamayanan. 1. Humanap ng kapareha. 2. Magbahaginan ng mga sagot sa mga tanong- ano ang nagagawa mo para sa kapaligiran? 3. Ibahagi din sa iyong kapareha kung ano ang naidudulot ng pangangalaga sa kapligiran? Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng sagot ng pangkat.

	tungo			

	sa malinis na pamayanan o hindi. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Mahusay! Itanong sa mga mag-aaral: • Ano ang mabuting naidudulot ng pag-aalaga sa kapaligiran? Sabihin sa mga mag-aaral: Ang pagaalaga sa kapaligiran ay patungo sa mailinis na pamayanan.	 2. Paano mapapangalagaan ang ilog? Halaman? Palaruan? 3. Ipakita ang mga larawan, pagkatapos sumagot ng mag-aaral  Mga bata, pagmasdan ang mga larawan, ano ang nangyari pagkatapos mapangalagaan ang kapligiran? 4. Ipakita ang mga larawan ng magkatabi. HaIimbawa:		

		5. Itanong sa mag-aaral, ano ang nagagawa ng pangangalaga sa kapaligiran? Ikuwento. Sabihin, mga bata ang pangangalaga sa kapaligiran ay mahalaga dahil ang pamayanan natin ay mananatiling malinis.		
Pagkatapos Ituro ang Aralin				

7. Paglalapat at Paglalahat	Sabihin sa mga mag-aaral: Makinig nang mabuti sa panuto- 1. Ipakikita ang mga larawan   2. Talakayin ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran at kahalagahan ng	Ipakita ang mga salita, punan ng letra ang patlang upang mabuo ang mga pangungusap. 1. Ang pagtapon ng basura sa tamang lugar ay paraan ng pangangalaga sa _____. 2. Ang pagdilig sa halaman ay paraan ng pangangalaga sa _____. 3. Ang pag-aalaga ng hayop sa tamang paraan ay ay paraan ng pangangalaga sa _____. Itanong: 1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain? 2. Ano-ano ang magagawa mo para manatiling malinis ang kapaligiran? Tiyakin na maiisa-isa	Ipakilala ang iyong sarili gabay ang sumusunod na mga pangungusap: Paghusayan mo. Gawin ito ng pasalita Ako ay si _____. Inaalagaan ko ang kapaligiran sa pamamagitan ng _____. Sabihin, mahusay kayong lahat. Tiyakin na maiisa-isa ng mga mag-aral ang sumusunod na konsepto: Mapagmalasakit Ang pagiging mapagmalasakit ay tumutukoy sa ugali ng isang tao na may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa o ng kapaligiran. Mga halimbawa ng pagmamalasakit sa kapaligiran:	Ipakilala ang iyong sarili gabay ang sumusunod na mga pangungusap: Paghusayan mo. Gawin ito ng pasalita Ako ay si _____. Naipakikita ko ang pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisa sa mga simpleng gawain ng pangangalaga ng kapaligiran katulad ng _____. Sabihin, mahusay kayong lahat. Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag-aaral ang sumusunod na konsepto: Mapagmalasakit Ang pagiging mapagmalasakit ay tumutukoy sa ugali ng isang tao na may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa o ng kapaligiran.

	pangangalaga sa kapaligiran Itanong: 1. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain? 2. Bakit mahalaga ang pagngangalaga sa kapaligiran? Tiyakin na maiisa-isa ng mga mag-aaral ang sumusunod na konsepto: Mapagmalasakit Ang pagiging mapagmalasakit ay tumutukoy sa ugali ng isang tao na may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa o ng kapaligiran. Mga halimbawa ng pagmamalasakit sa kapaligiran: 1. Ang pagtatapon sa basura sa tamang lagayan. 2. Ang pagdilig sa halaman 3. Ang pag-iwas sa	ng mga mag-aaral ang sumusunod na konsepto: Mapagmalasakit Ang pagiging mapagmalasakit ay tumutukoy sa ugali ng isang tao na may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa o ng kapaligiran. Alin sa mga halimbawa ang ginagawa mo? Bakit? Mga halimbawa ng pagmamalasakit sa kapaligiran: 1. Ang pagtatapon sa basura sa tamang lagayan. 2. Ang pagdilig sa halaman 3. Ang pag-iwas sa pagaaksaya sa paggamit ng tubig. 4. Ang pangangalaga ng mga hayop sa tamang paraan 5. Ang pagtatanim ng mga halaman at mga puno	Mga halimbawa ng pagmamalasakit sa kapaligiran: 1. Ang pagtatapon sa basura sa tamang lagayan. 2. Ang pagdilig sa halaman 3. Ang pag-iwas sa pagaaksaya sa paggamit ng tubig. 4. Ang pangangalaga ng mga hayop sa tamang paraan 5. Ang pagtatanim ng mga halaman at mga puno Mga Tanong: ● Bakit mahalaga na isagawa ang mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran? ● Paano mo maipakikita ang pangangalaga sa kapaligiran ayon sa iyong kakayahan?	Mga halimbawa ng pagmamalasakit sa kapaligiran: 1. Ang pagtatapon sa basura sa tamang lagayan. 2. Ang pagdidilig sa halaman 3. Ang pag-iwas sa pag- aaksaya sa paggamit ng tubig. 4. Ang pangangalaga ng mga hayop sa tamang paraan 5. Ang pagtatanim ng mga halaman at mga puno Ang pangangalaga sa kapaligiran ay tungo sa malinis pamayanan

	pagaaksaya sa paggamit ng tubig. 4. Ang pangangalaga ng mga hayop sa tamang paraan			

	5. Ang pagtatanim ng mga halaman at mga puno			
8. Pagtataya ng Natutuhan	Sabihin sa mga mag-aaral: Sagutin ang Gawain 1 Panuto: Makinig mabuti sa sasabihin ng guro. Ilabas ang lapis at kuwaderno. Piliin ang wastong letra ng mga larawang na nagpapahayag ng wastong paraan ng pangangalaga sa kapaligiran.	Sabihin sa mga mag-aaral: Sagutin ang Gawain 1 Panuto: Makinig mabuti sa sasabihin ng guro. Ilabas ang lapis at kuwaderno. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran at ekis (x) kung hindi. 1. Pagdidilig ng halaman 2. Pagtatapon ng basura sa tamang lugar 3. Paggamit ng tubig sa maayos na paraan 4. Pagtatanim ng halaman sa paligid 5. Pag-aalaga ng mga hayop sa tamang paraan	Sabihin sa mga mag-aaral: Sagutin ang Gawain 1 Panuto: Pakinggang mabuti ang panuto mula sa guro. Ilabas ang lapis at kuwaderno. Panuto: Piliin ang wastong letra na nagsasaad ng paraan ng pangangalaga sa kapaligiran.	Sabihin sa mga mag-aaral: Sagutin ang Gawain 1 Panuto: Makining nang mabuti sa panuto. Basahin ang mga pangugusap. Isulat ang sagot sa mga patlang sa kuwaderno bilang pagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa kapaligiran. Piliin ang mga salita sa kahon.

Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)	Panuto: Gumuhit ng isang bagay na ginagamit sa pangagalaga ng kapligiran.	Panuto: Ipakita ang larawan. Iguhit ang kapaligiran pagkatapos maglinis ng mga mamayanan.	Panuto: Kumpletuhin ang pangungusap. Ang pangangalaga sa kapaligiran katulad ng _____ ay tungo sa malinis na _____ _____.	Panuto: Kumpletuhin ang pangungusap. Ang pangangalaga sa kapaligiran katulad ng _____ ay tungo sa malinis na _____ _____.
Mga Tala	Mga paalala: **1.** Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa **kakayahan ng mag-aaral**, **kaangkupan ng mga kagamitang panturo**, **lugar** at **iba pang kaugnay** nito. 2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga na **mapagmalasakit** sa kapaligiran.			

	3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.
Repleksiyon	Bilang guro: Natutuhan ko na _____ Nabatid/narealize ko_____ Nadama ko na_____ Nagpasya ako na ituon _____

Inihanda ni:

_____

Guro

Nirebyu ni:

_____

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_____

School Head